Sheet ng impormasyon

# Ano ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare?

Medicare

Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay isang bagong opsyon sa pagbabayad sa batas sa inireresetang gamot na magagamit sa iyong kasalukuyang saklaw sa gamot para tulungan kang pamahalaan ang iyong mga gastusin mula sa sariling bulsa para sa mga Medicare Part D na gamot sa pamamagitan ng paghahati-hati sa mga ito sa buong taon ng kalendaryo. Simula sa 2025, magagawa ng sinumang may plano ng gamot sa Medicare o planong pangkalusugan sa Medicare na may saklaw sa gamot (gaya ng Plano ng Medicare Advantage na may saklaw sa gamot) na gamitin ang opsyong ito sa pagbabayad. **Iniaalok ng lahat ng plano ang opsyong ito sa pagbabayad at boluntaryo ang pagsali.**

Kung pipiliin mo ang opsyong ito sa pagbabayad, patuloy mong babayaran bawat buwan ang premium ng iyong plano (kung mayroon), at makakatanggap ka ng bill mula sa iyong plano sa kalusugan o gamot para bayaran ang iyong mga inireresetang gamot (sa halip na magbayad sa parmasya). Walang bayad ang pagsali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.

## Ang dapat malaman bago sumali

### Paano ang proseso nito?

Sa pagkuha ng reseta para sa isang gamot na sinasaklaw ng Part D, hindi ka magbabayad sa iyong parmasya (kasama ang mga mail order at specialty na parmasya). Sa halip, makakatanggap ka ng bill bawat buwan mula sa iyong plano sa kalusugan o gamot.

Kahit hindi mo bayaran ang iyong mga gamot sa parmasya, responsibilidad mo pa rin ang mga gastusin. Kung gusto mong malaman kung magkano ang iyong gamot bago ito iuwi, tawagan ang iyong plano o magtanong sa pharmacist.

**Puwedeng makatulong sa iyo ang opsyong ito sa pagbabayad na pamahalaan ang iyong mga buwanang gastusin, pero hindi ka makakatipid rito o hindi nito bababawasan ang mga gastusin mo sa gamot.** Pumunta sa pahina 5 para matuto pa tungkol sa Extra Help at iba pang programa kung saan puwede kang makatipid, sakaling ikaw ay kwalipikado.

### Paano kinakalkula ang aking buwanang bill?

Batay ang iyong buwanang bill sa dapat ay babayaran mo para sa anumang reseta na kukunin mo, pati sa iyong balanse sa nakaraang buwan, na hahatiin ayon sa bilang ng mga natitirang buwan sa taon. Pareho lang ang formula na ginagamit ng lahat ng plano sa pagkalkula sa iyong buwanang bayad.

Pumunta sa pahina 6 para sa mga halimbawa ng pagkalkula sa buwanang bill.

**Puwedeng magbago ang dapat mong bayaran bawat buwan, kaya posibleng hindi mo malaman nang maaga ang eksakto mong bill.** Puwedeng tumaas ang mga susunod na bayad kapag kumuha ka ng bagong reseta (o nag-refill ka ng dati nang reseta) dahil kapag nadaragdagan ng mga bagong gastusin mula sa sariling bulsa ang iyong buwanang bayad, nababawasan ang bilang ng mga buwan ng taon kung saan hahatiin ang mga dapat mo pang bayaran.

Sa isang taon ng kalendaryo (Enero – Disyembre), hindi ka kailanman magbabayad nang higit sa:

- Kabuuang halaga na dapat ay babayaran mo sa parmasya nang mula sa sariling bulsa kung hindi ka kasali sa opsyong ito sa pagbabayad.
- Ang kabuuang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa sa saklaw sa gamot ng Medicare ($2,000 sa 2025).

Lilimitahan ng batas sa inireresetang gamot ang iyong mga gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa sa $2,000 sa 2025. **Totoo ito para sa lahat na may saklaw sa gamot ng Medicare, kahit hindi ka kasali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.**

## Makakatulong ba ito sa akin?

Depende ito sa sitwasyon mo. **Tandaan, puwedeng makatulong sa iyo ang opsyong ito sa pagbabayad na pamahalaan ang iyong mga buwanang gastusin, pero hindi ka makakatipid rito o hindi nito bababawasan ang mga gastusin mo sa gamot.**

Malamang ay makinabang ka sa pagsali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare kung malaki ang iyong mga gastusin sa gamot sa unang bahagi ng taon ng kalendaryo. Bagama't puwede kang sumali sa opsyong ito sa pagbabayad kahit kailan, kung mas maaga kang magsisimula sa taon (gaya ng bago Setyembre), mas marami kang buwan para hatiin ang iyong mga gastusin sa gamot. Pumunta sa Medicare.gov/prescription-payment-plan/will-this-help-me para sumagot ng ilang tanong, at para malaman kung malamang ay makinabang ka sa opsyong ito sa pagbabayad.

**Posibleng hindi ang opsyong ito sa pagbabayad ang pinakanaaangkop sa iyo kung:**

- Mababa ang iyong mga taunang gastusin sa gamot.
- Pare-pareho ang iyong mga gastos sa gamot bawat buwan.
- Isinasaalang-alang mo ang iyong pag-sign up para sa opsyon sa pagbabayad sa huling bahagi ng taon ng kalendaryo (pagkatapos ng Setyembre).
- Ayaw mong baguhin kung paano mo binabayaran ang iyong mga gamot.
- Nakakatanggap o kwalipikado ka para sa Extra Help mula sa Medicare.
- Nakakatanggap ka ng o kwalipikado ka sa isang Programa para sa Savings ng Medicare.
- Nakakatanggap ka ng tulong sa pagbabayad ng iyong mga gamot mula sa ibang organisasyon, gaya ng Programa ng Tulong sa Gamot ng Estado (State Pharmaceutical Assistance Program, SPAP), coupon program, o iba pang saklaw sa kalusugan.

Pumunta sa pahina 5 para matuto pa tungkol sa mga programang puwedeng magpababa sa iyong mga gastusin.

### Sino ang makakatulong sa akin na magpasya kung dapat akong makibahagi?

- **Ang iyong plano sa kalusugan o gamot:** Bisitahin ang website ng iyong plano, o tawagan ang iyong plano para makakuha ng higit pang impormasyon. Kung kailangan mong agad na kumuha ng reseta, tawagan ang iyong plano para talakayin ang iyong mga opsyon.
- **Medicare:** Bumisita sa Medicare.gov/prescription-payment-plan para matuto pa tungkol sa opsyong ito sa pagbabayad at malaman kung naaangkop ito sa iyo.
- **Programa ng Tulong sa Insurance sa Kalusugan ng Estado (State Health Insurance Assistance Program, SHIP):** Bumisita sa shiphelp.org para kunin ang numero ng telepono para sa SHIP sa iyong lugar at makakuha ng libreng naka-personalize na pagpapayo sa insurance sa kalusugan.

### Paano ako magsa-sign up?

Bisitahin ang website ng iyong plano sa kalusugan o gamot, o tawagan ang iyong plano para magsimulang sumali sa opsyong ito sa pagbabayad:

- **Sa 2024, para sa 2025:** Kung gusto mong sumali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare para sa 2025, makipag-ugnayan sa iyong plano ngayon. Magsisimula ang iyong pagsali sa Enero 1, 2025.
- **Sa 2025:** Simula sa Enero 1, 2025, puwede kang makipag-ugnayan sa iyong plano para magsimulang sumali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare anumang oras sa taon ng kalendaryo.

Tandaan, posibleng hindi ito ang opsyon sa pagbabayad na pinakanaaangkop sa iyo kung huli ka nang nag-sign up sa taon ng kalendaryo (pagkalipas ng Setyembre). Ito dahil habang nagdaragdag ng mga bagong gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa sa buwanang bayad mo, nababawasan ang bilang ng mga buwan ng taon kung saan hahatiin ang mga bayad mo.

## Ang dapat malaman kung sasali ako

### Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-sign up?

Kapag nasuri na ng iyong plano sa kalusugan o gamot ang kahilingan mong sumali, papadalhan ka nila ng liham na nagkukumpirma sa pagsali mo sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. Pagkatapos:

1. Kapag kumuha ka ng reseta para sa isang gamot na sinasaklaw ng Part D, awtomatikong sasabihin ng iyong plano sa parmasya na kasali ka sa opsyong ito sa pagbabayad, at hindi mo babayaran ang parmasya para sa reseta.

   Kahit hindi mo bayaran ang iyong mga gamot sa parmasya, responsibilidad mo pa rin ang mga gastusin. Kung gusto mong malaman kung magkano ang iyong gamot bago ito iuwi, tawagan ang iyong plano o magtanong sa pharmacist.

2. Bawat buwan, papadalhan ka ng iyong plano ng bill na nagsasaad sa halagang dapat mong bayaran para sa iyong mga reseta, kung kailan ito dapat bayaran, at kung paano magbayad. Makakatanggap ka ng hiwalay na bill para sa buwanang premium ng iyong plano (kung mayroon).

## Paano ko mababayaran ang aking bill?

Kapag naaprubahan na ng iyong plano sa kalusugan o gamot ang pagsali mo sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare, makakatanggap ka ng liham mula sa iyong plano na may impormasyon sa kung paano mababayaran ang iyong bill.

## Ano ang mangyayari kapag hindi ko binayaran ang aking bill?

Makakatanggap ka ng paalala mula sa iyong plano sa kalusugan o gamot kapag may hindi ka nabayaran. Kung hindi mo mababayaran ang iyong bill bago ang petsang nakalista sa paalalang iyon, aalisin ka sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. Kakailanganin mong bayaran ang halagang hindi mo pa nababayaran, pero **hindi ka magbabayad ng anumang interes o fee, kahit ma-late ang bayad mo**. Puwede mong piliin na minsanang bayaran ang halagang iyon, o na buwanan kang singilin. Kung aalisin ka sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare, **nakatala ka pa rin sa iyong plano sa kalusugan o gamot sa Medicare**.

**Palaging unahing bayaran ang buwanang premium ng iyong plano sa kalusugan o gamot (kung mayroon), para hindi ka mawalan ng saklaw sa gamot.** Kung nababahala ka sa pagbabayad sa buwanang premium ng iyong plano at sa mga bill ng Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare, pumunta sa 5 para sa impormasyon tungkol sa mga programang makakatulong na pababain ang iyong mga gastusin.

Tawagan ang iyong plano kung sa palagay mo ay nagkamali sila sa iyong bill ng Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. Kung sa palagay mo ay nagkamali sila, mayroon kang karapatang sundan ang proseso ng karaingan na nasa iyong Handbook ng Miyembro o Ebidensya ng Saklaw.

## Paano ako makakaalis?

Puwede kang umalis sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong plano sa kalusugan o gamot. Hindi makakaapekto ang pag-alis sa iyong saklaw sa gamot sa Medicare at sa iba pang benepisyo ng Medicare. Tandaan:

- Kung mayroon ka pang balanse, kailangan mong bayaran ang halagang hindi mo pa nababayaran, kahit hindi ka na kasali sa opsyong ito sa pagbabayad.
- Puwede mong piliin na minsanang bayaran ang iyong balanse, o na buwanan kang singilin.
- Direkta kang magbabayad sa parmasya para sa mga bagong gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa pagkatapos mong umalis sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.

## Ano ang mangyayari kapag nagpalit ako ng plano sa kalusugan o gamot?

Kung aalis ka sa iyong kasalukuyang plano, o kung lilipat ka sa isang bagong plano sa gamot ng Medicare o plano sa kalusugan ng Medicare na may saklaw sa gamot (gaya ng Plano ng Medicare Advantage na may saklaw sa gamot), wawakasan ang iyong paglahok sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.

Makipag-ugnayan sa bago mong plano kung gusto mong sumali ulit sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.

## Anong mga programa ang makakatulong na pababain ang aking mga gastusin?

Kung limitado ang iyong kita at mga resource, alamin kung kwalipikado ka para sa isa sa mga programang ito:

- **Extra Help:** Programa ng Medicare na tumutulong sa pagbabayad sa iyong mga gastusin sa gamot sa Medicare.
  Bumisita sa ssa.gov/medicare/part-d-extra-help para malaman kung kwalipikado ka at para mag-apply. Puwede ka ring mag-apply sa iyong tanggapan ng Medikal na Tulong ng Estado (Medicaid).
  Bumisita sa Medicare.gov/ExtraHelp para matuto pa.
- **Mga Savings Program ng Medicare:** Mga programang pinapatakbo ng estado na puwedeng makatulong sa pagbabayad sa ilan sa o lahat ng iyong premium, naibabawas, copayment, at coinsurance sa Medicare.
  Bumisita sa Medicare.gov/medicare-savings-programs para matuto pa.
- **Mga Programa ng Tulong sa Gamot ng Estado (SPAP):** Mga programang puwedeng may saklaw para sa iyong mga premium sa plano sa gamot ng Medicare at/o pagbabahagi sa gastusin. Puwedeng ibawas ang mga kontribusyon sa SPAP sa iyong limitasyon ng gastusin mula sa sariling bulsa para sa saklaw sa gamot ng Medicare.
  Bumisita sa go.medicare.gov/spap para matuto pa.
- **Mga Programa ng Tulong sa Gamot ng Manufacturer (na kung minsan ay tinatawag na Programa ng Tulong sa Pasyente (Patient Assistance Program, PAP)):** Mga programa mula sa mga manufacturer ng gamot na nakakatulong sa pagpapababa ng mga gastusin sa gamot para sa mga taong may Medicare. Bumisita sa go.medicare.gov/pap para matuto pa.

Maraming taong kwalipikado para sa savings at hindi nakakaalam na kwalipikado sila. Bumisita sa Medicare.gov/basics/costs/help, o makipag-ugnayan sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar para matuto pa. Hanapin ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar sa ssa.gov/locator/.

## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

- **Ang iyong plano sa kalusugan o gamot:** Bisitahin ang website ng iyong plano, o tawagan ang iyong plano para makakuha ng higit pang impormasyon.
- **Medicare:** Bumisita sa Medicare.gov/prescription-payment-plan, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 arawa sa isang linggo. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## Mga halimbawa ng pagkalkula ng buwanang bill

**Halimbawa 1:**
Gumagamit ka ng ilang mahal na gamot na may kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa na $500 bawat buwan. Sa Enero 2025, sasali ka sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare sa pamamagitan ng iyong plano sa gamot sa Medicare o planong pangkalusugan sa Medicare na may saklaw sa gamot.

**Ang pagkalkula namin sa bill ng iyong unang buwan sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay iba sa pagkalkula namin sa bill para sa mga natitirang buwan ng taon:**

- **Una, inaalam namin ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan:**

$2,000 [taunang maximum na gastusin mula sa sariling bulsa]
- $0 [walang gastusin mula sa sariling bulsa bago gamitin ang opsyong ito sa pagbabayad]
= $2,000
―――――
12 [mga natitirang buwan ng taon]

= $166.67 [ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan]

- **Pagkatapos, aalamin namin ang babayaran mo para sa Enero:**
  - Ikumpara ang iyong kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa para sa Enero ($500) sa "maximum na posibleng bayad" na kinalkula namin: $166.67.
  - Ang **mas mababa sa dalawang halaga ang sisingilin sa iyo ng iyong plano**. Kaya $166.67 ang babayaran mo para sa buwan ng Enero.
  - May natitira ka pang balanse na $333.33 ($500-$166.67).

**Para sa Pebrero at mga natitirang buwan ng taon, iba ang pagkalkula namin sa bayad mo:**

$333.33 [natitirang balanse] + $500 [bagong gastusin]
= $833.33
―――――
11 [mga natitirang buwan ng taon]

= $75.76 [ang bayad mo para sa Pebrero]

**Kakalkulahin namin ang bayad mo para sa Marso nang tulad sa Pebrero:**

$757.57 [natitirang balanse] + $500 [bagong gastusin]
= $1,257.57
―――――
10 [mga natitirang buwan ng taon]

= $125.76 [ang bayad mo para sa Marso]

**Sa Abril, kapag nag-refill ka ulit ng iyong mga reseta, maaabot mo na ang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa para sa taon ($2,000 sa 2025).** Patuloy mong babayaran ang halagang dapat mong bayaran at makukuha mo ang iyong (mga) reseta, pero pagkalipas ng Abril, hindi ka na magdaragdag na anumang bagong gastusin mula sa sariling bulsa para sa natitirang bahagi ng taon.

$1,131.81 [natitirang balanse] + $500 [bagong gastusin]
= $1,631.81
―――――
9 [mga natitirang buwan ng taon]

= $181.31 [ang bayad mo para sa Abril at lahat ng natitirang buwan ng taon]

Bagama't nag-iiba ang bayad mo bawat buwan, sa pagtatapos ng taon, **hindi ka kailanman magbabayad nang higit sa:**

- Ang kabuuang halaga na babayaran mo dapat nang mula sa sariling bulsa.
- Ang kabuuang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa ($2,000 sa 2025).

Tandaan, buwanang bayad mo lang ito para sa iyong mga gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa. Kailangan mo pa ring bayaran ang premium ng iyong plano sa kalusugan o gamot (kung mayroon) bawat buwan.

**Halimbawa 1: Simulang sumali sa Enero na may malaking gastusin sa gamot sa unang bahagi ng taon**

| Buwan | **Ang iyong mga gastusin sa gamot** (kapag wala ang opsyong ito sa pagbabayad) | **Ang iyong buwanang bayad** (kapag mayroon ng opsyong ito sa pagbabayad) | Mga Tala |
|---|---|---|---|
| **Enero** | $500 | $166.67 | Ito ay kung kailan ka unang nagsimulang sumali sa opsyong ito sa pagbabayad. Tandaan, batay ang bill ng una mong buwan sa pagkalkula sa “maximum na posibleng bayad.” Iba ang pagkalkula namin sa bill mo para sa mga natitirang buwan ng taon. |
| **Pebrero** | $500 | $75.76 | |
| **Marso** | $500 | $125.76 | |
| **Abril** | $500 | $181.31 | Naabot mo sa buwang ito ang taunang maximum na gastusin mula sa sariling bulsa ($2,000 sa 2025). Wala kang magiging bagong gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa sa natitirang bahagi ng taon. |
| **Mayo** | $0.00 | $181.31 * | *Makukuha mo pa rin ang iyong $500 na gamot bawat buwan, pero dahil naabot mo na ang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa, wala ka nang magiging anumang bagong gastusin mula sa sariling bulsa para sa natitirang bahagi ng taon. Patuloy mong babayaran ang halagang dapat mong bayaran. |
| **Hunyo** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Hulyo** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Agosto** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Setyembre** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Oktubre** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Nobyembre** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Disyembre** | $0.00 | $181.31 * | |
| **Kabuuan** | **$2,000.00** | **$2,000.00** | **Pareho lang ang kabuuang halaga na babayaran mo para sa taon, kahit hindi ang opsyong ito sa pagbabayad ang gamitin mo.** |

**Kung nababahala ka sa pagbabayad ng $500 bawat buwan mula Enero hanggang Abril, makakatulong ang opsyong ito sa pagbabayad na pamahalaan ang iyong mga gastusin. Kung gusto mong magbayad ng $500 bawat buwan sa loob ng 4 na buwan at pagkatapos ay $0 ang bayaran sa natitirang bahagi ng taon, posibleng hindi ito ang opsyon sa pagbabayad na naaangkop sa iyo. Makipag-ugnayan sa iyong plano sa kalusugan o gamot para sa naka-personalize na tulong.**

**Halimbawa 2:**

Gumagamit ka ng ilang gamot na may kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa na $80 bawat buwan. Sa Enero 2025, sasali ka sa Sa parehong buwan, bago mo kunin ang iyong mga reseta, magpapasya kang sumali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare sa pamamagitan ng iyong plano sa gamot sa Medicare o planong pangkalusugan sa Medicare na may saklaw sa gamot.

**Ang pagkalkula namin sa bill ng iyong unang buwan sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay iba sa pagkalkula namin sa bill para sa mga natitirang buwan ng taon:**

- **Una, inaalam namin ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan:**

$2,000 [taunang maximum na gastusin mula sa sariling bulsa]
- $0 [walang gastusin mula sa sariling bulsa bago gamitin ang opsyong ito sa pagbabayad]
= $2,000
――――――――――
12 [mga natitirang buwan ng taon]

**= $166.67 [ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan]**

- **Pagkatapos, aalamin namin ang babayaran mo para sa Enero:**
  - Ikumpara ang iyong kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa para sa Enero ($80) sa "maximum na posibleng bayad" na kinalkula namin: $166.67.
  - **Ang mas mababa sa dalawang halaga ang sisingilin sa iyo ng iyong plano.** Kaya $80 ang babayaran mo para sa buwan ng Enero.
  - May natitira ka pang balanse na $0.

**Para sa Pebrero at mga natitirang buwan ng taon, iba ang pagkalkula namin sa bayad mo:**

$0 [natitirang balanse] + $80 [bagong gastusin] = $80
――――――――――
11 [mga natitirang buwan ng taon]

**= $7.27 [ang bayad mo para sa Pebrero]**

Kakalkulahin namin ang bayad mo para sa Marso nang tulad sa Pebrero:

$72.73 [natitirang balanse] + $80 [bagong gastusin] = $152.73
――――――――――
10 [mga natitirang buwan ng taon]

**= $15.27 [ang bayad mo para sa Marso]**

Bagama't nag-iiba ang bayad mo bawat buwan, sa pagtatapos ng taon, **hindi ka kailanman magbabayad nang higit sa:**

- Ang kabuuang halaga na babayaran mo dapat nang mula sa sariling bulsa.
- Ang kabuuang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa ($2,000 sa 2025).

Tandaan, buwanang bayad mo lang ito para sa iyong mga gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa. Kailangan mo pa ring bayaran ang premium ng iyong plano sa kalusugan o gamot (kung mayroon) bawat buwan.

| Halimbawa 2: Simulang sumali sa Enero nang may magkakaparehong gastusin sa kabuuan ng taon | | | |
|---|---|---|---|
| **Buwan** | **Ang iyong mga gastusin sa gamot** (kapag wala ang opsyong ito sa pagbabayad) | **Ang iyong buwanang bayad** (kapag mayroon ng opsyong ito sa pagbabayad) | **Mga Tala** |
| **Enero** | $80.00 | $80.00 | Ito ay kung kailan ka nagsimulang sumali sa opsyong ito sa pagbabayad. Tandaan, batay ang bill ng una mong buwan sa pagkalkula sa “maximum na posibleng bayad.” Iba ang pagkalkula namin sa bill mo para sa mga natitirang buwan ng taon. |
| **Pebrero** | $80.00 | $7.27 | |
| **Marso** | $80.00 | $15.27 | |
| **Abril** | $80.00 | $24.16 | |
| **Mayo** | $80.00 | $34.16 | |
| **Hunyo** | $80.00 | $45.59 | |
| **Hulyo** | $80.00 | $58.93 | |
| **Agosto** | $80.00 | $74.92 | |
| **Setyembre** | $80.00 | $94.93 | |
| **Oktubre** | $80.00 | $121.59 | |
| **Nobyembre** | $80.00 | $161.59 | |
| **Disyembre** | $80.00 | $241.59 | |
| **Kabuuan** | **$960.00** | **$960.00** | **Pareho lang ang kabuuang halaga na babayaran mo para sa taon, kahit hindi ang opsyong ito sa pagbabayad ang gamitin mo.** |

**Depende sa iyong partikular na sitwasyon, puwedeng hindi ka makinabang sa paggamit sa opsyong ito sa pagbabayad dahil sa mas malalaking bayad na nagsisimula ng Setyembre. Makipag-ugnayan sa iyong plano sa kalusugan o gamot para sa naka-personalize na tulong.**

**Halimbawa 3:**
Magbabayad ka ng $4 bawat buwan sa mga gastusin mula sa sariling bula para sa isang resetang regular mong ginagamit. Sa Abril 2025, kailangan mo ng bagong minsanang reseta na nagkakahalaga ng $613, kaya magiging $617 ang iyong kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa. Sa parehong buwan, bago mo kunin ang iyong mga reseta, magpapasya kang sumali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare sa pamamagitan ng iyong plano sa gamot sa Medicare o planong pangkalusugan sa Medicare na may saklaw sa gamot.

**Ang pagkalkula namin sa bill ng iyong unang buwan sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay iba sa pagkalkula namin sa bill para sa mga natitirang buwan ng taon:**

- **Una, inaalam namin ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan:**

$2,000 [taunang maximum na gastusin mula sa sariling bulsa]
- $12 [ang iyong mga gastusin mula sa sariling bulsa bago gamitin ang opsyong ito sa pagbabayad]
= $1,988
―――――――――――――――
9 [mga natitirang buwan ng taon]

**= $220.89 [ang iyong "maximum na posibleng bayad" para sa unang buwan]**

- **Pagkatapos, aalamin namin ang babayaran mo para sa Abril:**
  - Ikumpara ang iyong kabuuang gastusin mula sa sariling bulsa para sa Abril ($617) sa "maximum na posibleng bayad" na kinalkula namin: $220.89.
  - **Ang mas mababa sa dalawang halaga ang sisingilin sa iyo ng iyong plano.** Kaya $220.89 ang babayaran mo para sa buwan ng Abril.
  - May matitira kang balanse na $396.11 ($617 – $220.89).

**Para sa Mayo at mga natitirang buwan ng taon, iba ang pagkalkula namin sa bayad mo:**

$396.11 [natitirang balanse] + $4 [bagong gastusin] = $400.11
―――――――――――――――
8 [mga natitirang buwan ng taon]

**= $50.01 [ang bayad mo para sa Mayo]**

Mag-iiba ang mga babayaran mo sa kabuuan ng taon. Ito ay dahil nagdaragdag ka ng mga gastusin sa gamot sa kabuuan ng taon, pero nababawasan ang bilang ng mga buwan ng taon kung saan hahatiin ang mga bayad mo.

**Sa pagtatapos ng taon, hindi ka kailanman magbabayad nang higit sa:**

- Ang kabuuang halaga na babayaran mo dapat nang mula sa sariling bulsa.
- Ang kabuuang taunang maximum ng gastusin mula sa sariling bulsa ($2,000 sa 2025).

Tandaan, buwanang bayad mo lang ito para sa iyong mga gastusin sa gamot mula sa sariling bulsa. Kailangan mo pa ring bayaran ang premium ng iyong plano sa kalusugan o gamot (kung mayroon) bawat buwan.

| Halimbawa 3: Simulang sumali sa Abril nang may magkakaibang gastusin sa kabuuan ng taon | | | |
|---|---|---|---|
| **Buwan** | **Ang iyong mga gastusin sa gamot** (kapag wala ang opsyong ito sa pagbabayad) | **Ang iyong buwanang bayad** (kapag mayroon ng opsyong ito sa pagbabayad) | **Mga Tala** |
| **Enero** | $4.00 | $4.00* | *Direkta mong binayaran sa parmasya ang mga halagang ito bago ka nagsimulang sumali sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. |
| **Pebrero** | $4.00 | $4.00* | |
| **Marso** | $4.00 | $4.00* | |
| **Abril** | $617.00 | $220.89 | Ito ay kung kailan ka nagsimulang sumali sa opsyong ito sa pagbabayad. Tandaan, batay ang bill ng una mong buwan sa pagkalkula sa "maximum na posibleng bayad." Iba ang pagkalkula namin sa bill mo para sa mga natitirang buwan ng taon. |
| **Mayo** | $4.00 | $50.01 | |
| **Hunyo** | $4.00 | $50.59 | |
| **Hulyo** | $124.00 | $71.25 | Sa buwang ito, kailangan mo ng gamot na $120, na bukod pa sa iyong $4 na gamot. Gaya sa formula na ginamit namin noong Mayo, lalaki ang mga babayaran mo dahil nagdaragdag ka ng mga gastusin sa gamot sa kabuuan ng taon, pero nababawasan ang bilang ng mga buwan ng taon kung saan hahatiin ang mga bayad mo. |
| **Agosto** | $4.00 | $72.05 | |
| **Setyembre** | $4.00 | $73.05 | |
| **Oktubre** | $124.00 | $114.39 | Sa buwang ito, kailangan mo ng gamot na $120, na bukod pa sa iyong $4 na gamot. Gaya sa formula na ginamit namin noong Mayo, lalaki ang mga babayaran mo dahil nagdaragdag ka ng mga gastusin sa gamot sa kabuuan ng taon, pero nababawasan ang bilang ng mga buwan ng taon kung saan hahatiin ang mga bayad mo. |
| **Nobyembre** | $4.00 | $116.39 | |
| **Disyembre** | $4.00 | $120.38 | |
| **Kabuuan** | **$901.00** | **$901.00** | **Pareho lang ang kabuuang halaga na babayaran mo para sa taon, kahit hindi ang opsyong ito sa pagbabayad ang gamitin mo.** |

**Kung nababahala ka sa pagbabayad ng $617 sa Abril, makakatulong sa iyo ang opsyong ito sa pagbabayad na hatiin ang mga gastusin mo sa mga buwanang bayad na nag-iiba sa kabuuan ng taon. Kung nababahala ka sa mas malalaking bayad sa bandang huling bahagi ng taon, posibleng hindi ito ang opsyon sa pagbabayad na naaangkop sa iyo. Makipag-ugnayan sa iyong plano sa kalusugan o gamot para sa naka-personalize na tulong.**

Medicare

Mayroon kang karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa Medicare sa isang accessible na format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Mayroon ka ring karapatang maghain ng reklamo kung sa palagay mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon. Bumisita sa **Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice**, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa higit pang impormasyon. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

Ginawa ang produktong ito gamit ang pondo mula sa mga nagbabayad ng buwis sa U.S.

CMS Product No. 12211 • 9/2024